ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 11
Hunyo 7, 2024
www.philippinerevolution.nu




EDITORYAL

# Hindi kaibigan ng sambayanang Pilipino ang imperyalismong US

Pawang pambibilog sa ulo ng sambayanang Pilipino ang matatayog na deklarasyon ng gubyernong US na pagiging "kaibigan, katuwang at kakampi," o ng kanilang "balot sa bakal na pangako" na "ipagtatanggol ang Pilipinas." Sa iba't ibang yugto ng mahigit isang siglong kasaysayan ng bayan, paulit-ulit na pinalalabas ng US na ito ay alyado ng sambayanang Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa kalayaan. Tulad noong pinalabas ng US na ito ang tumapos sa 300-taong pananakop ng Kastila sa Pilipinas, o kaya'y nagpalayas sa Japan noong ikalawang digmaang pandaigdig, pinalalabas ngayon ng imperyalismong US na ito ang magtatanggol sa Pilipinas laban sa China.

Sa okasyon ng ika-126 taon ng deklarasyon ng huwad na kalayaan ng Pilipinas, marapat lamang na balik-aralan ng sambayanang Pilipino ang buong kasaysayan ng pananakop at paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas, panlilinlang, pang-aapi sa bayan at pandarambong sa yaman ng bansa.

Higit ngayong dapat ilantad ang mga kasinungalingang ito ng US sa harap ng lumalaking banta sa kaligtasan ng Pilipinas dahil sa panunulsol ng US ng gera sa South China Sea laban sa imperyalistang karibal nitong China. Katuwang ang papet na rehimeng Marcos, itinutulak ng US ang bahaging ito ng mundo sa bingit ng armadong sigalot. Maihahalintulad ito sa ginawa nitong panunulsol ng gera sa Ukraine laban sa Russia, at pagsuporta sa Israel sa henosidyo laban sa mamamayang Palestino sa Gaza, na kapwa nagresulta sa malawak na pagkawasak at pagpuksa sa ilampung libong buhay.

Ang mga sigalot ngayon sa South China Sea ay tuwirang resulta ng idineklara ng imperyalismong US na "pihit sa Asia" noong 2011 bilang estratehiya sa pagharap at paghamon sa lumalaking kapangyarihan sa ekonomya at militar ng China. Habang pinaigting ng US ang pakikipagtunggali sa karibal nito sa ekonomya at kalakalan, pinatitindi rin nito ang armadong paghamon dito, laluna sa pamamagitan ng pagpapalakas ng presensyang militar nito sa mga isla o bansang pina-

kamalapit sa palibot ng China.

Tuluy-tuloy na pinakakapal ng US ang presensya ng mga pwersang militar nito sa South China Sea. Noong nakaraang taon, kabilang ang tatlong *carrier strike group* ng US (USS Nimitz, USS Carl Vinzon, USS Ronald Reagan) na tinatauhan ng hanggang 7,500 tropa kada isa, ang pumasok sa South China Sea at paulit-ulit na naglayag sa palibot nito nang 30-35 araw. Kadalasang pumapasok ang US sa Bashi Channel sa pagitan ng Pilipinas at Taiwan, at paikot-ikot sa South China Sea at West Philippine Sea.

Liban sa mga ito, nasa South China Sea rin at iba pang karagatan sa palibot ng China ang samu't saring mga barkong pandigma ng US, 11 submarinong may dalang mga armas nukleyar, hindi mabilang na mga eroplano at iba pang kagamitan, at libu-libong tropang Amerikano na nagsagawa ng iba't ibang maniobra, pagsasanay at paniniktik sa lugar. Noon lamang nakaraang taon, hindi bababa sa 1,000 ulit na nagsagawa ang US ng pagpapalipad ng mga eroplanong pangsarbeylans at pambomba, kabilang ang 100 beses na paglapit ng mga ito sa mga baybayin ng China na muntikang makasagupa ng mga eroplano ng China.

Kinakasabwat ng US ang mga tau-tauhan nito sa Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga operasyon sa South China Sea. Nagtayo ang US ng bagong mga base militar sa 17 lugar, kabilang ang siyam sa loob ng mga kampo ng AFP sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), upang magsilbing imbakan ng armas, pahingahan ng mga tropa, at posibleng lunsaran ng mga misayl. Ilang barko na ang ibinenta o inilipat ng US sa AFP upang magamit ng Philippine Navy kasabay ng mga operasyon ng US.

Upang pangalagaan ang sariling seguridad, nagpapalakas din ang China ng presensya nito sa South China Sea. Mula 2013, nagtayo ito ng hindi bababa sa pitong pasilidad militar sa Spratly Islands, kabilang ang tatlo na nasa saklaw ng *exclusive economic zone* ng Pilipinas. Labis ang pangangamba ng China na maging ang Scarborough Shoal, na may mahaba nang kasaysayang pinagsasaluhan ng mga mangingisdang Pilipino at Chinese, ay pinwestuhan na nito ng bantay na mga Coast Guard. Inaapak-apakan ng China ang mga karapatan ng Pilipinas, partikular na ng maliliit na mangingisdang Pilipino.

Agresibo rin ngayong iginigiit ng China na dapat tumalima ang Pilipinas sa dating pangako nito (simula pa sa panahon ni Arroyo) na hindi magtatayo ng permanenteng istruktura sa Ayungin Shoal. Tugon ito sa tahasang pagsasaisantabi ng AFP sa usapan simula Marso 2023, nang magdala ng mga kagamitang pangkonstruksyon sa mga "supply mission" patungo sa nakasadsad doon na BRP Sierra Madre. Ang pag-angkin ng Pilipinas sa Ayungin, na kinatigan ng International Arbitral Tribunal alinsunod sa United Nations Convention on the Laws of the Seas (UNCLOS) ay marapat na idinaan ng Pilipinas sa pormal na pakikipagdayalogo sa China. Sa halip, idinadaan ito ngayon ni Marcos at ng AFP sa mga probokatibong aksyong militar, sa sulsol ng US, na sinagot naman ng China sa agresibo at mapanghamok na paraan.

Ang pang-uudyok ng US ang nagpapalala ng hidwaan ng Pilipinas at ng China, partikular na sa mga hangganan ng kani-kanyang teritoryong pangkaragatan, mga usapin na marapat plantsahin sa mapayapang usapan, o maging sa larangang ligal o diplomatiko, na ngayo'y nagiging mahirap gawin dahil sa pang-uupat ng militar ng US. Sa halip na igiit ang sariling interes ng bansa para sa mapayapang pakikipamuhay sa China at iba pang mga katabing bansa, nagpapagamit si Marcos sa among imperyalistang US at hinahayaang kaladkarin ang Pilipinas at gamitin itong instrumento sa panunulsol ng digmaan.

Sa harap ng kasalukuyang sitwasyon, dapat mabatid ng sambayanang Pilipino na hindi nila kaibigan, katuwang o kakampi, ngayon o sa nakaraan, ang imperyalismong US. Kumikilos ang US hindi para sa interes ng Pilipinas o ng anumang bansa, kundi para sa sariling interes na ipataw ang hegemonya sa iba't ibang panig ng mundo. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 11 | Hunyo 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Hindi kaibigan ng sambayanang Pilipino ang imperyalismong US 1
Ripleng R4, nasamsam ng BHB sa Samar 3
Operasyong kombat sa Aurora, binibigo ng BHB 3
BKP, idinaos sa Surigao del Sur 3
Monopolyo ng Meralco, perwisyo 4
“Fishing ban” ng China sa WPS, hinamon 5
Mga protesta 5
Pamamahagi ng lupa sa Palawan, kalokohan 6
Freeze order sa akawnt ng NGO, kinwestyon 6
Aurora, ginagawan industriyal-militar ng US 6
"Ligtas na lugar" sa Gaza, binomba ng Israel 7
Apat na magsasaka, pinaslang ng AFP 7
Sa madaling salita 8
La Niña, hatid ng pagwasak sa kalikasan 9
Operation Kagaar sa India 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Ripleng R4, nasamsam sa ambus ng BHB sa Western Samar

NASAMSAM NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang isang ripleng R4 sa ambus nito laban sa 3rd IB sa Barangay Gayondato, San Jorge, Western Samar, alas-9 ng umaga noong Mayo 14. Napatay sa opensiba si Cpl. Reycon Remedio at isa pang sundalo ang nasugatan.

Ayon sa ulat, lumabas sa kampo nito sa Barangay Gayondato ang mga sundalo ng 3rd IB para maligo nang paputukan ng mga Pulang mandirigma.

Bago pa ang ambus, isinagawa rin ng BHB noong Mayo ang operasyong haras laban sa mga kampo ng CAFGU. Hinaras ng hukbong bayan ang kampo ng CAFGU sa Barangay Santo Niño, Motiong at sa Barangay San Fernando, Jiabong. Napatay dito ang isang sundalo at isang elemento ng CAFGU.

Sa Oriental Mindoro, pinaputukan ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang mga sundalo ng 4th IB na nasa kampo militar nito sa Sityo Sigao, Barangay Lisap, Bongabong noong Mayo 20. Nakakampo ang mga sundalo sa naturang sityo at nagpapataw ng paghaharing militar mula pa 2022.

Sa Negros Oriental, naglunsad ang BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ng dalawang operasyong haras laban sa 62nd IB. Inatake nila ang base ng 62nd IB sa Barangay Malangsa, Vallehermoso noong Mayo 24 at sa Barangay Hinakpan, Guihulngan City noong Mayo 27.

## Operasyong kombat ng AFP sa Aurora, binibigo ng BHB at masang magsasaka

BINIBIGO NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB) at ng masang magsasaka sa mga bayan ng Maria Aurora at Dipaculao sa Aurora ang walang-tigil na *focused military operation* ng 91st IB at 84th IB simula pa noong Mayo. Hindi bababa sa pitong tropa ng militar ang napaslang habang dalawa ang nasugatan sa tatlong magkakasunod na engkwentro nito sa hukbong bayan.

Naganap ang unang engkwentro sa Barangay Toytoyan, Dipaculao noong Mayo 20, sinundan ng labanan sa Barangay Salay, Dipaculao noong Mayo 21 at isa pa noong Mayo 28 sa Barangay Bazal, Maria Aurora. Militanteng lumaban ang hukbong bayan at ligtas na nakapagmaniobra.

Labis-labis na pwersang militar ang ibinubuhos ngayon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa dalawang bayan para tugisin ang sinasabi nilang "mangilan-ngilan" na lamang na mga mandirigma ng BHB. Gumagamit ang AFP ng mga helikopter, *drone* at iba pang superyor na armas para sa mga operasyong kombat nito.

Noong Mayo 20-21, dalawang helikopter ang ginamit ng 91st IB sa pag-iikot-ikot sa anim na barangay sa Dipaculao. Kasunod nitong inikutan ang tatlong barangay sa Maria Aurora kung saan naghulog sila ng mga bomba sa mga bukid. Dagdag dito, nagpaulan ng bala ang 91st IB. Naiulat ang pagkamatay ng isang kabataan dahil dito.

"Sa halip na ituon ang pondo ng bayan sa pagbibigay ng de kalidad na serbisyong publiko, naglulustay ang AFP ng milyon-milyong pondo sa tuluy-tuloy na mga operasyong kombat," pahayag ng BHB-Aurora.

Labis na dislokasyon at terorismo ang inihahatid ng mga operasyong ito ng AFP sa sibilyang populasyon. Patuloy silang pinagbabawalan na makapaghanapbuhay sa baryo at kabundukan.

Sa tala ng Department of Social Welfare and Development noong Mayo 25, umabot sa 3,633 pamilya ang naapektuhan sa walang-tigil na operasyong kombat ng AFP sa lugar.

## Batayang Kurso ng Partido, idinaos sa Surigao del Sur

NAKAPAGTAPOS NG BATAYANG Kurso ng Partido (BKP) ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas noong unang linggo ng Mayo sa kabundukan ng Surigao del Sur. Ang pag-aaral ay inilunsad sa istagard na paraan bilang pag-angkop sa sitwasyong militar at iba pang mga gawain ng hukbong bayan sa naturang prubinsya.

Nagsimula ang pag-aaral sa BKP noong Abril 10 at upisyal na nagtapos noong Mayo 3. Isang seremonya ng pagtatapos ang inilunsad nila noong Mayo 6 na may temang "Ang tagumpay ng BHB, Tagumpay ng Mamamayan."

Sa loob ng dalawang oras na programa, nagbigay ng mga mensahe ang mga upisyal ng yunit ng BHB at mga nagsipagtapos. Makukulay na pagtatanghal din ang ipinamalas ng mga mandirigma sa programang pangkultura.

Tugon ang pag-aaral sa iniatas ng Komite Sentral na pagpapatupad sa kilusang pagwawasto. "Inilunsad namin ang BKP para maarmasan ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang aming pwersa laluna ang mga narekrut sa Partido na hindi kaagad nabigyan ng edukasyon dahil sa mahirap na kalagayang hinarap bunga ng internal na mga kahinaan," pahayag ng yunit.

Sa seremonya ng pagtatapos, muli silang nanumpa sa Pulang bandila ng Partido para pagtibayin ang kanilang paninindigan at sariwain ang kanilang panata.

# Monopolyo ng Meralco sa serbisyong kuryente, perwisyo sa mga konsyumer nito

Ngayong Hunyo, inianunsyo ng Manila Electric Company (Meralco) na magtataas ito ng higit ₱0.10 kada *kilowatthour* (kWh) sa singil ng kuryente bunsod diumano ng kakulangan ng suplay. Pansampu na itong pagtaas sa singil sa nakaraang 12 na buwan. Kahit may ilang buwan na may maliit na pagbaba sa *electricity rates*, tinatayang aabot na sa ₱11.50 ang karaniwang singil sa kada kWh ng kuryente ng Meralco sa nagdaang taon. Ibig sabihin, para sa isang pamilyang kumokonsumo ng abereyds na 200 kWh kada buwan, ang karaniwang singil sa isang buwan ay naglalaro sa ₱2,300, na malaking bahagi ng sahod o sweldo ng mga ordinaryong manggagawa at empleyado.


Napalalaki ng Meralco ang kita sa kuryente sa walang habas at deregularisadong pagtataas nito ng singil halos buwan-buwan. Nitong nakaraang taon, nag-ulat ito ng kita na umabot sa ₱38 bilyon, na hamak na mas malaki kung ikukumpara sa kabuuang kita ng kumpanya mula 1994 hanggang 2001, na umaabot lamang sa ₱28 bilyon.

Ipinagkikibit-balikat lamang ng mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno ang taas-singil sa kuryente at idinadahilan ang tag-init at tumataas na konsumo. Pero mauugat sa higit dalawang dekada nang patakaran ng deregulasyon at pribatisasyon ang ganitong sitwasyon.

Sa bisa ng Republic Act 9136 o ang Electric Power Industry Reform Act (EPIRA), binuksan nang todo-todo ang industriya sa enerhiya hindi lamang sa pribatisasyon kundi sa monopolisasyon. Nakasaad sa batas na layunin ng ganitong pagbuyangyang ng pampublikong serbisyo ng kuryente sa pribadong pamumuhunan na mapababa ang singil sa kuryente. Pero kabaligtaran ang nangyari. Noong 2017, ang singil ng Meralco sa kada *kilowatthour* ng kuryente ay naglalaro sa ₱8.03. Umakyat ito sa ₱9.24 noong 2022, at ₱11.50 ngayong taon.

Bunsod ng EPIRA, ang lahat ng bahagi ng sektor ng kuryente—mula *generation* o paglikha ng kuryente, *transmission* o ang pagpapadaloy ng malalaking boltahe ng kuryente mula sa planta ng kuryente tungong mga *substation*, *distribution* o ang paghahatid ng kuryente sa mga konsyumer, at suplay—ay nakopo na ng iilang kumpanya at pamilya, kabilang ang San Miguel Corporation ni Ramon Ang, Metro Pacific Investments ni Manny V. Pangilinan, at OneTaipan Holdings ng pamilyang Sy.

Nilikha rin ng EPIRA ang Wholesale Electricity Spot Market (WESM) na nagsisilbing palengke kung saan ibinibenta ng mga kumpanyang lumilikha ng kuryente sa mga kumpanyang nagtitingi nito (o mga *distributor* o kooperatiba). Batay sa EPIRA, ibabatay dapat ng WESM ang presyo ng kuryente sa suplay at demand sa punto ng pagbili.




Matagal nang naungkat ang sabwatan ng iilang kumpanya ng kuryente para manipulahin ang presyo ng kuryente. Nangyayari ito kapag inanunsyo ng isang kumpanya sa distribusyon (tulad ng Meralco) na kulang ang suplay mula sa regular nitong pinagkukuhanan ng kuryente at kinakailangang bumili sa WESM. Ang WESM naman, mabilis na nagtataas ng presyo kapag umano'y humihigpit ang suplay.

Hindi kagulat-gulat ang ganitong sabwatan dahil ang mga kumpanya at mga pamilyang may kontrol sa Meralco at iba pang mga kumpanya sa distribusyon, nagmamay-ari din ng ilan pang bahagi ng sektor ng kuryente. Halimbawa, pagmamay-ari din nina Pangilinan, Ang, at ng mga Aboitiz ang mga kumpanyang nagpapatakbo sa Ilijan Power Plant sa Batangas, na isa sa malaking pinagkukunan ng Meralco ng suplay ng kuryente.

Ito ang dahilan kung bakit marami ang nananawagang imbestigahan ang mga serye ng "red alert" at "yellow alert" na inilalabas ng National Grid Corporation of the Philippines dahil maaaring artipisyal lamang ang kakulangan ng suplay para mapataas ang singil.

### Pagmamadali sa *franchise renewal*

May apat na taon pa bago mapaso ang prangkisa ng Meralco sa bisa ng Republic Act No. 9209 na pinirmahan ni Gloria Arroyo noong Hunyo 2003. Pero ngayon pa lamang, inihaharap na sa Kongreso ang pagpapasa ng batas na magpapalawig nito.

Ang paliwanag ng ilang mambabatas ng reaksyunaryong kongreso, masusuyo daw ng ganitong hakbang ang mga posibleng mamumuhunan sa *power industry*, na magdudulot naman umano ng pagsasaayos sa serbisyo ng nasabing industriya.

Pero ang totoong dahilan? Paggarantiya sa supertubo ng Meralco, at ng mga pamilyang burgesya

*Sundan sa pahina 5*

# “Fishing ban” ng China sa West PH Sea, hinamon ng mangingisdang Pilipino

Nagdaos ng kolektibo o sama-samang pangingisda ang Panatag Fisherfolks Association at Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) sa karagatang malapit sa Masinloc, Zambales noong Mayo 30 hanggang Mayo 31 bilang paghamon sa ipinataw ng China na “fishing ban” o pagbabawal na mangisda. Ipinataw nito ang pagbabawal, mula Mayo hanggang Setyembre 16, sa mga erya ng South China Sea na “hilaga ng 12 degrees North latitude” kung saan bahagi ang Panatag Shoal (Scarborough), na 124-*nautical miles* (224 kilometro) mula sa Zambales.

Liban sa mga mangingisda, sumama rin sa paglalayag ang mga lider ng Bagong Alyansang Makabayan, Pilipinong Nagkakaisa Para sa Soberanya, League of Filipino Students, at Alliance of Concerned Teachers. Sumama rin ang mga kinatawan ng Makabayan *bloc* na sina Kabataan Rep. Raoul Manuel at ACT Teachers Rep. France Castro.

Liban sa pagsuway sa "fishing ban" ng China, ipinanawagan din ng ekspedisyon ang "ganap na demilitarisasyon" ng West Philippine Sea. Pinatutungkulan ng grupo ang pagtatayo ng China ng mga isla at ang agresyong militar ng imperyalistang US sa tabing ng mga operasyong "freedom of navigation" sa karagatan.

Binatikos din nila ang kamakailang isinagawang pambobomba ng US sa karagatan ng Zambales na bahagi ng Balikatan *war games*. Mula nang ilunsad ito, bumaba ang nahuhuling isda at kita sa bawat pagpalaot.

Sa desisyon nito noong 2016 sa The Hague, pinawalangsaysay ng Permanent Court of Arbitraton ang sinasabing 9-*dash line* ng China na sumasakop sa buong South China Sea. Tinukoy nito ang teritoryong pandagat ng Pilipinas na sumasakop sa 12-*nautical miles* (22 kilometro) mula sa mga baybayin nito, at ang 200-*nautical miles* na *exclusive economic zone* at mga *extended continental shelf*. Kinilala nitong tradisyunal na pangisdaan ng mga mangingisdang Pilipino, Vietnamese at Chinese ang Panatag Shoal at hinusgahang paglabag ang pagpigil ng China na makapangisda sa bahura ang mga mangingisdang Pilipino.

*Mula sa pahina 4*

kumprador sa likod nito—pangunahin si Pangilinan ng Metro Pacific Investments at ang pamilya Gokongwei ng JG Summit Holdings.

Gusto ring pabilisin ng Meralco ang pagpasa ng bagong prangkisa nito para hindi mabusisi, maungkat, at maimbestigahan ang marami nang naiulat na anomalya at manipulasyon.

Hindi unang beses na tumampok ang Meralco sa ganitong mga pakana. Noong 2002, ipinag-utos ng Korte Suprema sa Meralco na ibalik sa mga konsyumer ang aabot sa ₱28.15 bilyong siningil nito dahil ipinasa nito ang ilang gastusin gaya ng buwis sa mga konsyumer.

Sa prangkisang iginawad sa Meralco noong 2003, pinayagan itong magbenta ng kuryente sa 39 na syudad at 72 bayan ng Metro Manila, Bulacan, Cavite, Rizal, at ilang bahagi ng Batangas, Laguna, Quezon, at Pampanga. Sineserbisyuhan nito ang 7.8 milyong kabahayan sa nasabing mga prubinsya. AB

**VFA, ibasura.** Nagprotesta ang mga demokratikong organisasyon sa Cebu City noong Mayo 27 para muling ipanawagan ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement sa pagitan ng Pilipinas at imperyalistang US. Kasabay ito ng ika-25 taong anibersaryo mula nang ratipikahan ng Senado sa ilalim ng rehimeng Estrada ang naturang kasunduan noong Mayo 27, 1999. Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan-Central Visayas.

**Tigil pasada sa Iloilo, ikinasa.** Nagtigil-pasada ang mga drayber sa tinatawag na "first town" o mga bayan sa paligid ng Iloilo City noong Hunyo 3 para tutulan ang Local Public Transport Route Plan (LPTRP) ng syudad na maglilimita sa bilang ng dyip na papapasukin dito. Lubhang apektado ang mga drayber at komyuter mula sa mga bayan ng Leganes, Pavia, Oton at San Miguel sa iskemang ito. Ang LPTRP ay kaugnay ng makadayuhang PUVMP o *jeepney phaseout*. Natulak nila ang gubernador ng Iloilo na harapin sila sa isang dayalogo sa araw na iyon.

**Kampuhan kontra komersyalisasyon sa UP-Diliman.** Naglunsad ng kampuhan ang mga estudyante ng University of the Philippines (UP)-Diliman noong Mayo 30-31 para tutulan ang lumalalang komersyalisayson ng pamantasan at nakatakdang pagbubukas ng bagong *mall* sa kampus nito sa Quezon City. Kasama nila sa kampuhan ang mga manininda na lubhang maaapektuhan ng pagpasok ng malalaking pribadong negosyo sa kampus. Sinalubong nila ng protesta noong Mayo 31 ang pulong ng UP Board of Regents.

***Mandatory* ROTC, labanan.** Nagprotesta ang mga kabataang Pilipino sa harap ng Senado sa Pasay City noong Mayo 22 para ipahayag ang kanilang pagtutol sa pagraratsada sa panukalang Mandatory Reserve Officers' Training Corps sa mataas na kapulungan. Noong Abril, inihayag ng ilang senador ang plano nilang pagratsada sa naturang mapanupil na panukala bago magtapos ang sesyon ng Senado.

Koresponsal

# Pamamahagi ng lupa sa Palawan, malaking kalokohan

Ipinagmayabang kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR) na 2,046 na residente ng Palawan ang nagawaran ng CLOA (Certificate of Land Ownership Award) at mga makinaryang pansaka. Ginawa ang seremonya ng pamamahagi sa PGP Convention Centre, Palawan noong Abril 11. Dinaluhan pa ito ng kalihim ng kagawaran at matataas na upisyal ng prubinsya.

Ang totoo, pakulo lamang ang pamamahagi ng CLOA. Ayon sa isang dumalo, "photo ops" o panletrato lamang ang naganap. Ang mga CLOA na ipinamahagi ay hindi nakapangalan sa mga binigyan nito. Hindi rin mismo ang lupang kanilang sinasaka ang nakalagay na lupa sa papel na ipinamahagi. Mas malala, "recycle" o inulit lamang ang pamamahagi dahil matagal nang may hawak na CLOA ang mga magsasakang pinadalo.

"Hindi ako dumalo, hindi ko rin kinuha ang CLOA na di sa akin nakapangalan, at di rin ako sumama sa pagpipiktyur," kwento ng isang nanay na inimbita sa pakulong pamamahagi. Ayaw niyang magamit sa panloloko ng DAR.

Isang upisyal ng kooperatiba ng *palm oil* ang nabiktima ng panloloko at tumanggap ng CLOA na hindi sa kanya nakapangalan. "Nag-aaksaya lamang ng pera ang gubyerno, para lamang sabihin na namahagi ng lupa," aniya. "Ang CLOA namin ay panahon pa ni Ramos ipinamahagi."

Estilong "hakot" ang ginawa ng DAR para sa palabas na pamamahagi. Sinagot lahat ng kagawaran ang gastusin ng palabas, kabilang ang balikang pamasahe ng mga "benepisyaryo" na nanggaling pa sa malalayong munisipalidad. Baha rin ang pagkain at meryenda. Namahagi pa rito ng mga *t-shirt* na may nakatatak na "Sariling Lupa para sa Bagong Bukas na Masagana" na may mga mukha Ferdinand Marcos Jr.

"Bistadong-bistado ang pagpapapogi ni Marcos Jr," ayon sa mga magsasaka. AB

## "Freeze order" sa akawnt sa bangko ng mga NGO, kinwestyon sa korte

Kinwestyon ng Citizen's Disaster Response Center Foundation (CDRC) at Leyte Center for Development Enterprise, Inc. (LCDE) ang ipinataw na "freeze order" ng Anti-Money Laundering Council sa kanilang mga akawnt sa bangko. Nagpetisyon ang CDRC sa Court of Appeals sa Quezon City noong Hunyo 2 habang ang LCDE noong Mayo 17 sa parehong korte sa Cebu City. Layon nilang ipatanggal ito at hamunin ang ligalidad ng sangsyon na anila'y hindi dumaan sa tamang proseso, at labag sa mga karapatan sa malayang pagpapahayag at asosasyon.

Ang CDRC at LCDe ay dalawa lamang sa napakarami nang mga samahang progresibo at organisasyong pangkaunlaran na arbitraryong pinatawan ng katulad na "freeze order" matapos akusahan ng "terrorism financing."

Ang panggigipit na ito ay nakabalangkas sa inilabas ng rehimeng Marcos ang National Security Plan 2023-2028. Lantad na nakasaad dito ang patakarang palalakasin ang aksyon laban sa inaakusahan nitong mga ligal na prente ng "CPP-NPA-NDF para putulin... ang pinagmumulan ng pinansya." Ang sinumang itatakda nitong may ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan ay basta-basta at walang-batayang ginigipit.

## Aurora, ginagawang engklabong industriyal-militar ng US at AFP

NOONG MARSO, binisita ni Gilbert Teodoro Jr, kalihim sa depensa, ang isang baseng nabal sa Casiguran, Aurora. Ang baseng ito ay itinayo ng AFP sa pakikipagtulungan ng Aurora Pacific Economic Zone and Freeport Authority (APECO) para kontrahin diumano ang presensya ng China sa Benham Rise. Bago nito, pumasok sa kasunduan ang APECO sa Philippine Aerospace Development Corporation (PADC) para itransporma ang engklabo bilang "defense hub" (sentrong pandepensa) ng bansa. Layunin ng pagsasanib na ito ang pagtatayo ng sonang pang-industriyal-militar sa loob ng 12,923-ektaryang engklabo ng paggawa.

Ani Teodoro, ang transpormasyon ng APECO ay alinsunod sa Comprehensive Archipelagic Defense Concept (CADC) ng AFP, na nakabalangkas sa pangkalahatang estratehiya ng US sa Asia Pacific. Gagamitin diumano ang APECO para sa Self-Reliant Defense Posture Program na nakapailalim sa modernisasyon ng AFP. Magiging sentro ito ng pagmamantine at pagkukumpuni ng mga sasakyang panghimpapawid ng militar. Ipinagmamayabang din nitong magiging sentro ito ng pagmamanupaktura ng mga *drone*.

Libu-libong magsasaka, mangingisda at katutubong Aeta sa Casiguran ang inagawan ng lupa at pinalayas sa kanilang mga komunidad nang unang inilatag ang APECO. Ang transpormasyon nito tungo sa base at engklabong industryal-militar ay lalong magpapalala sa panunupil at pangangamkam ng lupa ng masang magsasaka at katutubo sa prubinsya.

Ipinangtatakot at aktwal na ginagamit ng AFP sa mamamayan ang mga modernong kagamitan nito sa pambobomba, panganganyon at walang patumanggang pamamaril sa komunidad ng magsasaka. Kamakailan lamang, binomba nito ang mga komunidad sa Dipaculao at Maria Aurora. Gamit ang mga *drone*, pinaigting nito ang pagmamatyag sa aktibidad ng masa at buong sibilyang populasyon.

## "Ligtas na lugar" sa Gaza, binomba ng Israel

Magkakasunod na pambobomba at pag-atake ang inilunsad ng Zionistang Israel sa nauna nitong tinukoy na "ligtas na lugar" ng Rafah, sa timog na bahagi ng Gaza, simula noong huling linggo ng Mayo. Isinagawa ito ng Israel sa kabila ng panibagong desisyon ng International Court of Justice, pangunahing korte ng United Nations, noong Mayo 24 na nag-aatas na "kaagad itigil ang opensibang militar, at kahit ano pang ibang aksyon sa Rafah."

Noong Mayo 26, hindi bababa sa 49 katao ang napaslang at 250 ang nasugatan sa *airstrike* ng Israel sa "tent camp" (temporaryong lugar ng ebakwasyon) sa Al-Sultan sa Rafah. Dalawang araw pagkalipas, binomba naman ng mga pwersang Israeli ang *tent camp* sa Al-Masawi sa Rafah na pumatay sa 21 Palestino at nakasugat sa 64 katao. Kalahati sa mga biktima ay bata, babae at matatanda. Naabo ang temporaryong kampo na tinutuluyan ng mga lumikas sa Rafah na pawang gawa sa mga trapal.

Ang Rafah ay kasalukuyang kumakanlong sa higit 1.5 milyong Palestino mula nang atakehin ng Israel ang Gaza noong nakaraang taon. Nagtayo sila dito ng mga barungbarong at tumutuloy sa mga *tent* kung saan kulang na kulang sa pagkain at gamot, at kalunus-lunos ang kalagayan ng mga lumikas.

Noong Hunyo 4, umabot na ng 36,550 ang napaslang, kabilang ang 15,000 bata, sa henosidyo ng Zionistang Israel habang 82,959 ang nasugatan. Daan-daanlibong Palestino na ang nataboy at napalayas sa kanilang mga tahanan.

**Pilipino para sa Palestine**

Nagpapatuloy ang suporta ng mga Pilipino sa mga Palestino sa harap ng walang-tigil na mga pagaatake dito ng Zionistang Israel.

Noong Mayo 30, nagsama-sama ang iba't-ibang organisasyong masa sa University of the Philippines (UP)-Los Baños para suportahan ang pakikibaka ng mga Palestino. Nagkaroon din ng martsa at pagtitipon sa UP Diliman noong Mayo 19.

Samantala, nanawagan ang PUP for Palestine kay Quezon City Mayor Joy Belmonte at ang Negrenses for Palestine kay Negros Occidental Governor Eugenio Lacson na putulin ang pakikipag-ugnayan nila sa mga upisyal ng Israel. Kasunod ito ng mga pulong ni Belmonte at Lacson sa mga upisyal ng Israel.

Sa Canada, nakiisa ang mga grupong Pilipino sa protesta noong Mayo 29 sa Ottawa para ipanawagan ang imbestigasyon sa pagbebenta ng armas ng estado ng Canada sa Zionistang rehimen ng Israel. Panawagan din nilang ipasara ang CANSEC, ang taunang *arms show* o bentahan ng armas ng Canadian Association of Defence and Security Industries, na nagbukas sa Ottawa sa araw na iyon. AB

## Apat na magsasaka, pinaslang ng mga pwersa ng estado

Apat na magsasaka ang pinatay ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Masbate at Negros Occidental noong Mayo. Pare-pareho silang pinalabas na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan na napatay sa "engkwentro." Naitala rin sa nakaraang buwan ang pag-aresto sa tatlong sibilyan, kabilang ang isang sanggol.

**Pagpatay.** Sa Masbate, pinatay ng 96th IB ang 31-anyos na magsasakang si Erlindo Natural noong Mayo 7 sa Barangay Holjogon, Mobo. Si Natural ang ika-29 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Sa Negros Occidental, nilusob ng hindi bababa sa 24 tropa ng 62nd IB ang bahay ng pamilyang dela Peña sa Sityo Inangaw, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla noong Mayo 21 ng umaga. Pinaulanan ito ng bala bago iligal na inaresto ng mga sundalo si Richard dela Peña, inilayo sa kanyang bahay at sadyang pinatay.

Noong Mayo 22, sadyang pinaslang ng mga sundalo ng 79th IB ang magsasakang si Jeje Redobles sa Sityo Manaysay, Barangay Camabayobo, Calatrava. Si Redobles ay karaniwang magsasaka ng kamote at saging.

Noon namang Mayo 30, apat na tama ng bala ang pumatay sa magsasakang si Jigger Barotolo sa Sityo Sangay, Barangay Hilub-ang, Calatrava. Siya ay ipinatawag ng mga ahente ng 79th IB mula sa pagpapastol ng kanyang kalabaw at saka pinatay.

**Pag-aresto.** Sa Masbate, inaresto ng mga pwersa ng estado si Tinay Ontog sa Barangay Maglambong, bayan ng Monreal noong Mayo 18.

Sa hindi natukoy na petsa, inaresto rin ng mga pwersa ng estado si Baby Arnejo at kanyang sanggol sa Barangay Madao, Uson. Sa paggigiit ng mga kababaryo, nabawi ang sanggol at nailagay sa maayos na kustodiya habang nakakulong pa rin ang kanyang ina.

**Pagdukot.** Higit dalawang buwan nang nawawala ang binatang si Joy Delica, 32 taong gulang, mula nang dukutin siya ng hindi bababa sa 30 sundalo ng 4th ID sa bahay na kanyang tinutuluyan sa Barangay New Compostella, Damulog, Bukidnon noong Marso 18. Itinali ang mga kamay at paa ni Delica at isinakay sa sasakyan ng mga sundalo.

Pinagbawalan ng mga sundalo ang mga residente na naggumiit na samahan si Delica para matiyak ang kanyang kaligtasan. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa natutunton ang kinaroroonan niya. AB

## 107 malakihang *war games*

ang inilunsad ng US sa South China Sea at kalapit na erya nito noong 2023; 80 katambal ang Japan, at 11 sa kalupaan at karagatan ng Pilipinas.

## 1,000

ulit na pagpapalipad ng mga eroplanong pandigma ang isinagawa ng US sa South China Sea, mula sa Okinawa (Japan), Osan (South Korea) at Clark Air Base (Pilipinas) noong 2023.

*Pinagkunan: An Incomplete Report on US Military Activities in the South China Sea in 2023, the South China Sea Strategic Situation Probing Initiative, Marso 2024*

## ₱10,000 na!

ang alawans ng mga titser para pambili ng mga suplay sa eskwelahan kada taon.

Naisabatas ito matapos ang 13 taong pagtulak ng mga titser at ACT Teachers Partylist.

## 835

panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador ang kumokontrol sa 70% ng kabuuang lupaing agrikultural sa Southern Tagalog.

*Pinagkunan: Kalatas, Marso 2024*

## 19 sa 20

biktima ng sekswal na karahasan sa mga lugar na may armadong sigalot ay kababaihan at batang babae.

*Pinagkunan: UN Secretary-General on Conflict-related Sexual Violence, Enero 2023-Disyembre 20234*

## 159

**insidente ng *Red-tagging*** sa mamamahayag ang naisadokumento ng NUJP mula 2016 hanggang sa kasalukuyan; 96 ay isinagawa ng reaksyunaryong estado at mga tauhan nito.

*Pinagkunan: No Tag: Press Freedom for Pluralism, 2024*

## ₱389 MILYON

pinsala sa ilang araw na pananalasa ng **Bagyong Aghon**, ang unang bagyong tumama sa Pilipinas ngayong taon.

## $315 trilyon

**na ang pandaigdigang utang ngayong 2024, halos triple (257%) sa pandaigdigang GDP (gross domestic product). 2/3 nito ay utang ng US at Japan.**

*Pinagkunan: Global Debt Monitor, Institute of International Finance*

# La Niña at ang delubyong hatid ng pagwasak sa kalikasan




Habang pumapasok sa tag-ulan ang Pilipinas ngayong Hunyo, nagtatransisyon naman ang panahon mula El Niño tungong La Niña. Noong Mayo, inilagay na ng PAGASA sa 69% na malamang tatama ang La Niña sa panahon ng Hulyo-Setyembre. Kinatatangian ang La Niña ng mas madalas at mas malalakas na pag-ulan, na tiyak na maghahatid ng mas malalalang pagbaha, pagguho ng lupa at bagyo.

Ang El Niño at La Niña ay dalawang bahagi ng penomenang pangklimang tinatawag na El Niño Southern Oscillation o ENSO. Ang ENSO ay kinatatangian ng hindi regular na pagbabago sa hangin at temperatura sa dagat Pasipiko. Pinatitindi ang mga epekto nito ng pag-init ng temperatura sa buong mundo bunsod ng paggamit ng *fossil fuel* para sa enerhiya, transportasyon at produksyong pang-industriya.

Dumanas na ang Pilipinas ng hindi bababa sa limang siklo ng La Niña mula dekada 1980. Papaiksi ang agwat ng kada siklo at papalaki ang pinsalang idinulot nito sa bansa. Sa La Niña noong 1988-1989, umabot sa ₱900 milyon ang tinayang pinsala sa mga pananim. Dumanas ang bansa ng dalawang magkasunod na La Niña na may 10 taong pagitan—1998-2001 at 2010-2011. Bahagyang tumagal ang La Niña hanggang maagang bahagi ng 2012 na nagpatindi sa mga bagyong tumama sa bansa, laluna sa Mindanao.

Lagpas 1,000 ang iniulat na namatay, 900 ang hindi na natagpuan at puu-puong libo ang nawalan ng tirahan nang humambalos noong Disyembre 2012 ang Bagyong Pablo (internasyunal na pangalan: Bopha) sa rehiyon ng Davao. Lagpas 1,200 naman ang napatay at kasingdami ang nawala sa Region 10, partikular sa Cagayan de Oro nang tumama ang Bagyong Sendong (Washi) noong Disyembre 2011. Wala pang limang taon, muling nagkaroon ng La Niña (2016-2017). Pinatindi ng La Niña na ito ang Bagyong Niña (Nock-Ten, 2016) na tumama sa rehiyon ng Bicol.

Huling nasadlak sa La Niña ang Pilipinas noong 2020-2022. Sa taong 2020 lamang, 23 bagyo ang tumama sa Pilipinas, mas mataas sa karaniwang 20 bagyo kada taon. Pinakamatitindi rito ang Bagyong Rolly (Goni, 2020) at Ulysses (Vamco, 2020) na tumama sa Visayas at Hilagang Luzon. Tinatayang mahigit ₱40 bilyon (o ₱20 bilyon kada isa) ang pinsalang idinulot ng dalawang bagyo na ito. Halos wala nang patlang ang pumagitan sa pagtatapos ng La Niña, bago muling pumasok ang panibagong siklo ng ENSO noong Hulyo 2023.

**Pagwasak ng kalikasan at ENSO**

Sa mga bagyong Pablo at Sendong, malinaw na salik sa nakamamatay na mga pagbaha ang pagkakalbo ng kagubatan kung saan rumagasa ang tubig mula sa kabundukan tungo sa mas mababang lugar sa mga baybay. Pero higit rito, mas malawak ang epekto ng pagkakalbo ng kagubatan sa Pilipinas sa siklo ng ENSO sa Pasipiko.

Sa isang pag-aaral noong 2023, naipirmi ng mga syentista ang malaking papel ng pagkakalbo ng kagubatan sa tinatawag ng Maritime Continent (MC) sa pagdalas at pagtindi ng ENSO nitong nagdaang mga dekada. Ang MC ay binubuo ng Indonesia, New Guinea, Malay Peninsula, Pilipinas at ng karagatang nakapalibot sa mga ito. Anila, dahil sa pagkakalbo ng mga kagubatan sa mga bansang ito, tumaas nang 11.7% ang posibilidad ng pagkabuo ng mas kumplikado at hindi matantyang mga El Niño; at nang 14.6% ang La Niña.


Ang gayong mga pagkakalbo ay tulak pangunahin ng pagpapalit-gamit ng lupa, komersyal na pagtotroso at paglalatag ng mga komersyal na plantasyon ng kahoy, at malawakan at mapaminsalang pagmimina.

Pinaka-umiinda ng pinsala ng La Niña ang mga pambansang minorya at magsasaka, na nawawalan ng tirahan at kabuhayan tuwing rumaragasa ang mga bagyo at pagbaha. Wasto nilang sinisingil ang mga kumpanya sa mina at plantasyon na magbigay danyos sa pinsalang natamo ng kanilang mga komunidad dulot ng pandarambong at pangwawasak ng mga ito sa kalikasan.

Halimbawa nito ang paggigiit ng mga residente ng Masara, Davao de Oro (dating Compostela Valley) na kumpunihin ng Apex Mining Corporation ang nasirang mga daan at tulay sa bayan pagkatapos ng bagyong Pablo. Sa Cagayan Valley, panawagan naman ng mga magsasaka na ipagpaliban ang paniningil, kundiman tuluyang patawarin, ang kanilang mga utang sa produksyon para mabigyan sila ng pagkakataong makabawi sa susunod na siklo ng taniman. Kasabay ng mga ito, iginiit nila sa reaksyunaryong estado na maglaan ng pondong danyos para sa mga tirahan at kabuhayan na nasira. AB

# Operation Kagaar: Brutal na gera laban sa mamamayang Indian

Duguan ang kamay ng reaksyunaryong estado ng India sa mas pinatinding gera ng panunupil laban sa mamamayan nito. Simula Enero, ipinatutupad nito ang Operation Kagaar, bahagi ng pinalawak na pagpapatupad sa kontra-insurhensyang kampanya na Operation SAMADHAN-Prahar. Hindi bababa sa 130 sibilyan at mga rebolusyonaryo na ang napaslang sa marumi at brutal na operasyong ito sa nakaraang limang buwan.




Sa direktang salin, nangangahulugan ang salitang *kagaar* ng "katapusan." Ayon sa estado ng India, layunin ng naturang operasyon na tuluyan nang wakasan ang armadonag rebolusyonaryong kilusan ng mamamayang Indian, na pinamumunuan ng Communist Party of India (Maoist), na ngayon ay nasa "bingit" na ng pagkatalo.

Pangunahing ipinatutupad ang operasyon sa Abujhmaad (o Maad), isang mabundok at magubat na rehiyon sa timog ng estado ng Chhattisgarh. Layon nitong "palayain ang Maad" na sinasabing panguhaing kuta ng mga Maoista. Sa kasalukuyan, ipinatutupad na ito sa mas malaking bahagi ng rehiyong Dandakaranya na nasa saklaw ng mga estado ng Chhattisgarh, Odisha, Telangana, at Andhra Pradesh sa Central India.

Binansagan ang operasyon bilang "opensibang militar" laban sa mga Maoista, pero ang totoo, tinarget nito ang lahat ng partido, organisasyon at indibidwal na nagsasalita laban sa estado.

**Pagyurak sa internasyunal na makataong batas**

Lantarang nilalabag ng Operation Kagaar ang internasyunal na makataong batas, mga alituntunin sa digma at mga natatanging proteksyon ng mga bulnerableng sektor sa panahon ng armadong sigalot. Pinakamalaking biktima ng pasismong Brahmanic Hindutva (pasismo ng estadong Indian laban sa mga minoryang relihiyon at mababang grupong panlipunan) ang mga Adivasi o mga katutubo.

Sa loob lamang ng dalawang linggo noong Mayo, 22 na mga Adivasi, kabilang ang dalawang bata, ang pinaslang ng mga pwersang militar sa Chhattisgarh.

Minasaker ng paramilitar sa Bijabur ang 12 Adivasi noong Mayo 11. Kumukuha ng mga dahon ng *tendu* (ginagamit na pambalot ng sigarilyo) ang mga biktima nang damputin at paslangin. Ikinulong pa ng estado ang 30 mga aktibista, mga balo ng biktima, at pamilya na kukuha sana sa mga bangkay ng minasaker.

Kinabukasan, dalawang bata ang namatay at marami ang nasugatan sa pagsabog ng isang nasaging bala ng mortar na iniwan ng mga paramilitar sa Odspara, Bijapur. Ang mortar ay kabilang sa maraming bala ng kanyon na hindi pumutok nang manganyon ang mga pwersang militar sa kagubatan ng naturang lugar.

Noong Mayo 24, walong magsasakang Adivasi ang inaresto at pinatay sa pamamaril ng pwersang militar ng India sa Rekavaya, nasa hangganan ng Bijapur at Narayanpur. Isa pang magsasaka ang nasugatan dito.

Samantala noong Abril 16 sa kagubatan ng Aapatola-Kalpar, distrito ng Kanker, brutal na tinortyur bago sadyang pinaslang ng pwersang militar ng India ang 11 hindi armadong mga rebolusyonaryo at anim na iba pang nasugatan sa unang bugso ng pag-atake. Namartir sa unang pag-atake ang 12 mandirigma ng People's Liberation Guerilla Army.

Sadyang pinatay din matapos maaresto sa Kakur-Tekametta sa hangganan ng estado ng Chhattisgarh at Maharashtra noong Abril 30 ang 66-taong gulang na si Cheemala Narasayya (Ka Joganna), kasapi ng panrehiyong komite ng CPI (Maoist). Sa araw na iyon, apat na Adivasi ang pinaslang sa pamamaril sa lugar na iyon.

Karaniwang pinalalabas ng pwersang militar ng India na napapaslang ang mga biktima sa mga "engkwentro" nito sa mga Maoista. Liban pa, sunud-sunod ang pagtatayo ng mga kampo-militar sa mga komunidad sa saklaw ng Maad.

Katambal ang Operation Kagaar at kaakibat nitong militarisasyon sa korporatisasyon at pagpasok ng malalaking mga kumpanya sa mayamang kagubatan ng India. Sa tabing ng paglaban sa mga Maoista, nagsisilbi ang mga operasyong ito sa pagpapatindi ng pandarambong ng mga dayuhang malalaking korporasyon sa likas na yaman ng bansa. AB